Katunayang Papel ng mga Nakikinabang sa California Department of Rehabilitation Tungkol sa Programang Tiket na Magtrabaho

Ano ang Programang "Tiket na Magtrabaho"?

Ang Tiket na Magtrabaho (Ticket to Work o TTW) ay isang programang insentibo na boluntaryong pagtratrabaho para sa mga nakikinabang sa Panglipunang Seguridad para sa may mga Kapansanan (Social Security Disability Insurance o SSDI) o Karagdagang Kitang Panseguridad (Supplemental Security Income o SSI) ng Pangasiwaan ng Panlipunang Seguridad (Social Security Administration o SSA) para sa may mga edad 18 hanggang 64 at interesadong magtrabaho. Ang layunin ng Programang TTW ay tulungan ang mga nakikinabang sa pagkuha ng trabaho at pagtatrabaho upang makapagsarili.

Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa programang TTW?

Kung ikaw ay edad 18 hanggang 64 at kasalukuyang nakakatanggap ng SSI at/o SSDI, maaaring nakatanggap ka na ng impormasyon tungkol sa programang TTW. Kung gusto mong malaman kung karapatdapat ka para sa TTW, maaari mong tawagan ang iyong tagapayo sa DOR o ang Linya ng Tulong ng TTW ng SSA na libreng tawag sa 866-968-7842. Hindi mo kailangan ang papel na Tiket upang lumahok sa programang TTW.

Kwalipikado ako para sa TTW. Ano na ang gagawin ko?

Kung interesado kang magtrabaho, maaaring ang Programang TTW ang iyong daan sa pagpasok sa bokasyonal na rehabilitasyon, pagsasanay, mga serbisyo sa pagkuha ng trabaho at sa iba pang mga serbisyo at suporta upang tulungan kang maabot ang iyong mga layunin sa pagtatrabaho. Kung kwalipikado ka para sa TTW at gusto mong magtrabaho, maaari mong gamitin ang iyong Tiket upang makakuha ka ng mga serbisyo at suporta sa pagtatrabaho mula sa mga Tanggapan ng Bokasyonal na Rehabilitasyon ng Estado (State Vocational Rehabilitation o VR) gaya ng Department of Rehabilitation (DOR) **o** maaari mo itong italaga sa isang taga-pagbigay ng serbisyo na itinalaga ng SSA na tinatawag na Samahan sa Pagtatrabaho (Employment Network o EN). Ang iyong Tiket ay hindi maaaring italaga sa isang EN at ginagamit ng DOR nang sabay.

Ano ang mangyayari kung pipiliin kong humingi ng mga serbisyo sa Department of Rehabilitation (DOR)?

Tutukuyin ng iyong tagapayo mula sa DOR ang iyong kwalipikasyon at priyoridad para sa mga serbisyo at magkasama ninyong bubuuin ng iyong tagapayo mula sa DOR ang iyong Pansariling Plano para sa Pagtatrabaho (Individualized Plan for Employment o IPE). Ang iyong IPE ang magtatalaga ng iyong bukod-tanging layunin sa pagtatrabaho at isasama nito ang mga serbisyo at suportang kinakailangan upang maabot mo ang iyong layunin sa pagtatrabaho. Lalagdaan mo o ng iyong kinatawan (kung mayroon ka) at ng iyong tagapayo mula sa DOR ang IPE bago mapahintulutan ng iyong tagapayo mula sa DOR ang mga serbisyo. Bibigyan ka ng iyong tagapayo mula sa DOR ng kopya ng iyong IPE sa paraang naiintidihan.

Kapag itinalaga na at nalagdaan mo na at ng iyong tagapayo mula sa DOR ang iyong IPE, ilalagay na ang iyong Tiket na "Ginagamit (In-Use)" sa DOR. Kung kasalukuyang nakalagay ang iyong Tiket sa ibang EN, kakailanganing alisin ito doon habang nakakatanggap ka ng mga serbisyo mula sa DOR. Habang ginagamit mo ang iyong

Tiket, ibubukod ka ng SSA sa mga medikal na Patuloy na Pagsusuri ng Kapansanan (medical Continuing Disability Reviews o CDRs) hangga't masikap kang lumalahok sa programa at nakakatugon sa mga pamantayan ng SSA na Nasa Oras na Hakbangang Pag-unlad (Timely Progress) (tingnan ang nakalakip na talahanayan ng Pagsusuri sa Nasa Oras na Hakbangang Pag-unlad (Timely Progress Review o TPR)). Papadalhan ka ng SSA ng TPR na liham taun-taon. Kung sa palagay mo ay hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan ng SSA na Nasa Oras na Hakbangang Pag-unlad at hindi mo gustong makatanggap ng mga pahayag ng TPR, maaari mong hilinging gawing hindi italaga ang iyong Tiket sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahilingang kasulatan sa Maximus at pagpapadala sa fax na 703-893-4020. Pakitandaang hindi ka na mabubukod sa mga medikal na CDR habang hindi nakatalaga ang iyong Tiket. Kahit hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan ng SSA na Nasa Oras na Hakbangang Pag-unlad, maaari ka pa ring patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa DOR.

Kapag nakasara na ang iyong kaso sa DOR, maaari mo nang italaga ang iyong Tiket sa isang EN na gusto mo. Kung una kang tinukoy ng isang EN sa DOR, itutukoy ka ng iyong tagapayo mula sa DOR pabalik sa EN na iyon. Kapag nakasara na ang iyong kaso sa DOR, mayroon kang 90 araw upang italaga ang iyong Tiket sa isang EN kung gusto mong patuloy na mabukod sa mga medikal na CDR. Boluntaryo ang pagtatalaga sa iyong Tiket sa isang EN. Ang mga EN ay maiinam na kuhanan ng maraming kaalaman para sa iyo dahil mabibigyan ka ng mga ito ng mga patuloy na serbisyo sa suporta, serbisyo sa pananatili sa trabaho at suporta upang tulungan kang mapanatili ang iyong trabaho at taasan ang iyong kinikita.
Makakakuha ka ng listahan ng mga nakatalagang EN sa iyong lugar sa pamamagitan ng pagbisita sa www.chooseworkttw.net o pakikipag-ugnayan sa Linya ng Tulong ng TTW ng SSA nang toll free sa 866-968-7842.

Ano ang Mga Insentibo sa Trabaho?
Ang Mga Insentibo sa Trabaho ay mga panuntunan ng SSA na ginagawang daan para sa mga taong may kapansanan na nakakatanggap ng SSDI at SSI na saliksikin ang mga paraan sa pagtratrabaho at maabot ang kanilang mga layunin sa pagtatrabaho nang hindi mawawala nang maaga ang kanilang mga benepisyo. Tinutulungan ng Mga Insentibo sa Trabaho ng Panlipunang Seguridad ang mga nakikinabang na alisin ang mga sagabal sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga serbisyo sa suporta at pagbibigay ng matiwasay na tulong sa mga nakikinabang sa paghahanap ng makabuluhang trabaho at pagtatagumpay sa lugar na pinagtatrabahuhan.

Paano kung may mga tanong ako tungkol sa Mga Insentibo sa Trabaho at paano makakaapekto ang trabaho at kita sa aking mga benepisyo ng SSDI o SSI?
Bukas ang Linya ng Tulong ng TTW ng SSA Lunes – Biyernes, 8:00 AM - 8:00 PM EST, upang sagutin ang mga tanong tungkol sa Mga Insentibo sa Trabaho at kung paano makakaapekto ang part-time, full-time o pana-panahong trabaho sa iyong mga benepisyo ng SSDI o SSI: 1-866-968-7842 (Boses) o 1-866-833-2967 (TDD),www.chooseworkttw.net.

Maghanap ng mga paraan at mga impormasyon tungkol sa mga benepisyo at pagtatrabaho sa web site ng Mga Benepisyo sa Kapansanan 101 (Disability Benefits 101) www.disabilitybenefits101.org

Upang dagdagan ang nalalaman tungkol sa Programang Tiket na Magtrabaho, makipag-ugnayan sa:

- Linya ng Tulong ng TTW ng SSA upang suriin ang kalagayan at kwalipikasyon ng iyong Tiket at sagutin ang iyong mga tanong tungkol sa TTW at Mga Insentibo sa Trabaho: 1-866-968-7842 (Boses) o 1-866-833-2967 (TDD), www.chooseworkttw.net.

- Mga Tulong at Pagpaplano sa Mga Insentibo sa Trabaho (Work Incentives Planning and Assistance o WIPA):www.chooseworkttw.net

- Pangasiwaan ng Panlipunang Seguridad (Social Security Administration o SSA): sinasagot ang mga tanong tungkol sa TTW o SSA: 1-800-772-1213 (Boses) o 1-800-325-0778 (TDD). Web site ng Tiket na Magtrabaho ng SSA: www.ssa.gov/work.

- Mga tulong ng Tiket na Magtrabaho ng DOR: sinasagot ang mga pangkalahatang tanong tungkol sa TTW at nagbibigay ng sangguni sa lokal na tanggapan ng DOR, walang bayad na linya ng telepono: 1-866-449-2730 (Boses) o 1-866-359-7705 (TDD) o mag-email sa TTWinfo@dor.ca.gov.

- Programa na Tulong sa Kliyente (Client Assistance Program): 1-800-952-5544 (Boses) o 1-866-712-1085 (TDD).

- *Mga Benepisyo sa Kapansanan 101 (Disability Benefits 101):* Web site ng *Pagtatrabaho nang may Kapansanan sa California* www.disabilitybenefits101.org.

Kalakip: Mga Alituntunin ng SSA para sa Nasa Oras na Pag-unlad

Mga Alituntunin sa Nasa Oras na Pag-unlad Tuwing ika-12 buwang Panahon ng Pagsusuri sa Pag-unlad	
1st-12 buwan	**(pagkatapos ng 12 buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 3 buwan na trabaho sa Antas ng Pagsubok na Trabaho (Trial Work Level o TWL), O KAYA** • Makatapos ng GED o high school diploma, **O KAYA** • Makatapos ng 60% ng isang buong pag-aaral ng kurso sa loob ng isang akademikong taon sa isang kolehiyo o teknikal/kalakalan/bokasyonal na programa sa pagsasanay, **O KAYA** • Makatapos ng kumbinasyon ng trabahong ito at kinakailangan sa edukasyon
2nd -12 buwan	**(13-24 na buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 6 na buwan na trabaho sa Antas ng Pagsubok na Trabaho (Trial Work Level o TWL), O KAYA** • Makatapos ng 75% ng isang buong pag-aaral ng kurso sa loob ng isang akademikong taon sa isang kolehiyo o teknika/ kalakalan/lbokasyonal na programa sa pagsasanay, **O KAYA** • Makatapos ng kumbinasyon ng trabahong ito at kinakailangan sa edukasyon
3rd-12 buwan	**(25-36 na buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 9 na buwan na nagtratrabaho sa Antas ng Gawaing Mapakikinabangan (Substantial Gainful Activity o SGA), O KAYA** • Makatapos ng isang karagdagang isang buong akademikong taon ng pag-aaral, **O KAYA** • Makatapos ng 2 taon o 4 na taong programa sa kolehiyo, **O KAYA** • Makatapos ng 2 taong teknikal/kalakalan/bokasyonal na programa sa pagsasanay, **O KAYA** • Makatapos ng kumbinasyon ng trabahong ito at kinakailangan sa edukasyon
4th-12 buwan	**(37-48 buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 9 na buwan na trabaho sa sa Antas ng Gawaing Mapakikinabangan (Substantial Gainful Activity o SGA), O KAYA** • Makatapos ng isang karagdagang akademikong taon para sa isang buong pag-aaral, **O KAYA** • Makatapos ng kumbinasyon ng trabahong ito at kinakailangan sa edukasyon
5th-12 buwan	**(49-60 buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 6 na buwan na trabaho sa Antas ng Gawaing Mapakikinabangan (Substantial Gainful Activity o SGA) nang walang mga benepisyong pananalapi ng SSDI at/o SSI sa mga buwang nagtrabaho, O KAYA** • Makatapos ng isang karagdagang akademikong taon para sa isang buong pag-aaral, **O KAYA** • Makatapos ng isang 4 na taong programang pag-aaral
6th-12 buwan	**(61-72 buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 6 na buwan na trabaho sa Antas ng Gawaing Mapakikinabangan (Substantial Gainful Activity o SGA) nang walang mga benepisyong pera ng SSDI at/ o SSI sa mga buwang nagtrabaho, O KAYA** • Makatapos ng isang 4 na taong programang pag-aaral
7th-12 buwan	**(73-84 na buwan ng paggamit ng tiket)** **• Makatapos ng 6 na buwan na trabaho sa Antas ng Gawaing Mapakikinabangan (Substantial Gainful Activity o SGA) nang walang mga benepisyong pananalapi ng SSDI at/o SSI sa mga buwang nagtrabaho ***

***Ang mga alituntunin para sa Pagsusuri sa Pag-unlad ng anumang susunod na 12 buwan ay pareho sa Pagsusuri sa Pag-unlad ng 7th 12 buwan.**